ASEAN SME Academy

# Harapin ang **mga pagsubok**. Palaguin ang iyong **negosyo**




USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE

US-ASEANCONNECT partnering for sustainable, innovative, economic growth

US-ASEAN



# ASEAN SME Academy

Harapin ang **mga pagsubok**. Palaguin ang iyong **negosyo**.

Ikaw man ay nagsisimula pa lamang, o isang kompanyang handa nang ma-export- alamin mo ang mga paraan upang mas mapaunlad ang iyong negosyo gamit ang aming online na learning platform.

Nagbibigay ang Akademya ng libreng pagsasanay at impormasyon tungkol sa mga kinakailangan para mabigyan ng kasagutan ang mga pangangailangan ng Small and Medium Enterprises (SMEs) sa ASEAN.

ASEAN SME Academy


# **Pagsuporta** sa SMEs sa ASEAN

Ang mga SMEs ay may mahalagang papel sa mga ekomomiya sa Timog-Silangang Asya. Sila ang bumububo sa higit 96 % ng lahat ng mag negosyo, 50-95% ng kabuang trabaho, at 23-58% ng GDP.

Ang ASEAN ay nakatuon sa pagsusulong sa paglago ng mga SME upang sila'y mas mapalaki, makabawas sa kahirapan, at mas mapaayos ang pagkapantay-pantay. Kaugnay nito ay, mahalaga na mas mapalakas ang pagiging competitive, mapatatag, at mapatibay ang mga SME upang matiyak na mas makikilahok ang mga ito sa mga oportunidad na pang-ekonomiya na nagmumula sa ekonomiyang pangkomunidad sa ASEAN.

Subalit maraming mga SME ay nakararanas pa rin ng mga pagsubok, kabilang na ang mga limitadong kaalaman sa pagpapatakbo at pagpapalawig ng isang negosyo.



Naghahatid ang Akademya ng mga serye ng mga kurso sa pagsasanay at mga kagamitan na makatutulong sa mga maliliit at mga katamtamang laki na mga negosyo sa ASEAN upang mas mapalawig ang kanilang abilidad sa pagkuha ng puhunan, makipagsabayan sa pang-rehiyon at pang-internasyunal na merkado, magamit ang mga impormasyon at mga serbisyong nagbibigay payo, at matutunan ng lubos ang teknolohiya at mga inobasyon.

May tatlong antas ang suportang naibibigay ng mga online na materyales para sa mga SMEs: nagsisimula, lumalago at handa nang mag-export. Ang mga libreng kurso para sa pagsasanay ay may sariling bilis at nakadisenyo upang magbigay-daan para sa iba't ibang istilo at layunin ng pag-aaral. Ang listahan ng mga negosyong naghahatid serbisyo sa seksyon ng mga resources ay nakaayos ayon sa bansa upang direkta kang i-ugnay sa mga naayon na negosyo para sa SME.



# **Pakikipag-ugnayan** sa mga kilalang kompanya

Ang Akademya ay naghahatid ng mga serye ng materyales para sa pagsasanay mula sa Fortune 500 na mga kompanya na miyembro ng US-ASEAN Business Alliance at mga links sa mga impormasyong pangnegosyo sa ASEAN.

Karagdagan dito ay isinasama ang mga materyales para sa pagsasanay na naksentro sa mga SME mula sa mga pang-rehiyon at pang-internasyunal na mga organisasyon. Ang ibig sabihin nito ay ang mga kurso sa pagsasanay ay pinili, idinesenyo sinubukan at sinuri upang matulungan kang palaguin ang iyong negosyo.

Sa kasalukyan, ang mga materyales para sa pagsasanay ay galing sa Baker & McKenzie, Facebook, Google, HP, ILO, Mastercard, Microsoft, Paypal, at P&G.

# Ang mga itinatampok ng Akademya

Sa pamamagitan ng Akademya ay makakatanggap ka ng mga sumusunod na tampok nito: **Training, Resources, at mga Events**



## Training:
## Mga kurso para sa mga SME sa anumang antas

**Malawak ang mga paksa na sakop ng Akademya para makatulong sa paglago ng iyong negosyo, anuman ang laki o yugto ng iyong paglago.**

Kung  ang iyong negosyo man ay nagsisimula, lumalago o handa nang mag-export, ang bawat isa ay may mapagpipiliang opsyon para matuto sa Akademya. Ang mga kurso ay inayos ayon sa yugto ng paglago at paksa.

## Resources:
## Mga negosyong may kasanayan sa pagbibigay serbisyo sa bawat bansa

**Ang Akademya ay may listahan ng daang-daang mga negosyo na nagbibigay ng serbisyo sa lahat ng 10 miyembro ng ASEAN na makatutulong upang palaguin ang iyong negosyo.**

Sa pamamagitan ng Akademya, maaari kang pumili ng mga klase ng serbisyo na iyong kailangan at maging ang bansa kung saan ito at ikaw ay makatatanggap ng listahan ng mga negosyong nagbibigay ng serbisyo na maari mong ma-kontak upang direktang masuportahan ang iyong negosyo.

Marami sa mga link na ito ay nagtatampok ng mga serbisyo na may kinalaman sa mga negosyong pag-mamay-ari o pinapatakbo ng mga kababaihan, at nagsusulong sa pagnenegosyo ng mga kababaihan.

Mga paksa:

- Mga nagbibigay ng serbisyong pinansyal
- Paglago ng Kapital na Pantao
- Pagpasok sa Merkado at Pagiging Internasyunal
- Polisya at Regulasyon
- Pagiging Produktibo, Teknolohiya, at Inobasyon

## Events:
## Pag-uugnay sa mga SMEs sa ASEAN

**Ang seksyon para sa mga kaganapan ay nagtatampok ng isang kalendaryo ng SME na may kaugnay sa mga kaganapan sa rehiyon.**

Kabilang dito ang mga pinakabagong pagpupulong, mga oportunidad para sa pagsasanay, at mga workshop upang matulungan kang bumuo at magpalago ng iyong negosyo. Kung hindi ka makakapunta sa mga kaganapang ito, ang mga kaugnay na materyales tulad ng agenda, presentasyon, at mga video na maaaring makuha sa Akademya.




# Pagsimula sa kurso.

## Anumang oras. Ayon sa iyong bilis. Libre.

**www.asean-sme-academy.org**






1 **Mag-rehistro**
Magsimula sa pamamagitan ng parerehistro sa iyong sarili sa website. Ito ay mabilis, at hindi nangangailan ng pagberipika ng iyong email.

Kapag nakarehistro na, maaari ka nang magsimula sa kurso.

2 Sa bawat kurso, makakakita ka nang maigsing pagsasalarawan, kabilang na kung paano makikinabang dito ang iyong negosyo.


**Piliin ang iyong pagsasanay at ang iyong gustong mga kurso.**

Sa ilalim ng "PAGSASANAY" na tab, maaaring makakuha ang lahat ng rehistradong miyembro ng mga kurso na mayroon dito. Maaari kang pumili ng kurso base sa klase at antas. Maaari mo ring makita ang mga klase ng kurso sa landing page.



Sa bawat kurso, makakakita ka nang maigsing pagsasalarawan, kabilang na kung paano makikinabang dito ang iyong negosyo.

3 **Pagkuha ng kurso.**
Kapag napili mon ang kursong nais mong kunin, i-click ang **"Kunin ang Kurso na ito"** na button.




Kabilang sa pagsasalarawan ng kurso ay ang bilang ng mga aralin sa bawat kurso.

May ilang mga programa na nagbibigay ng mga pagsusulit upang alamin ang iyong pagkakaunawa sa mga materyales at dapat makakuha ka ng pasadong grado bago magpatuloy.

**Markahan ang programa.**
Sa bawat aralin, maaari mong makita ang pangkalahatang-ideya ng aralin. Kapag natapos mo na ang bawat aralin, huwag kalimutan ang "**Markahan na Kumpleto**" na button upang magpatuloy sa susunod na aralin.

Ang lahat ng natapos na aralin ay mamamarkahan ng kulay berde upang makita mo ang takbo ng iyong pag-aaral.




Para sa ibang mga kurso, hihilingin mula sa iyo na bisitahin ang isa pang website. I-click ang "Mag-enroll" at sundin ang mga tagubilin.

4 Mabibigyan ka ng sertipikasyon sa ilang makukumpletong mga kurso.



5 **Subaybayan ang iyong progreso.**

Sa ilalim ng "**Ang Aking Profile**" na tab, makikita mo ang mga kurso na iyong kinuha. Lahat ng nakumpletong mga kurso ay mamarkahan ng kulay berde.



# Mga kwento mula sa mga facilitator ng Akademya at mga MSMEs

Sa kasalukuyan, ang Akademya ay nakapagsanay na ng higit sa isang daang mga negosyante sa SME kagaya ng mga samahan ng nasa trade at mga entrepreneur, mga nagbibigay serbisyo, mga pribadong organisasyon at mga ahensya ng pamahalaan na sumusuporta sa **paglago ng mga SME sa Pilipinas, Lao PDR, Indonesia, at Cambodia.**

Ito ang ilan sa kanilang mga kwento.



**Winston T. Singun**

Chief, Trade and Industry Development Specialist
Department of Trade and Industry (DTI), Cagayan Provincial Office, Region 2

**Philippines**

*"Malaking tulong ang Akademya para makalikha ng mas maayos na kondisyon para sa mga negosyo ng mga MSMEs. Dahil sa mga kurso nito, ang Akademya ay nagiging mabisang daan para sa mga negosyante na lalong mahasa ang kanilang mga kakayanan."*

Bilang Coordinator ng Full Service Negosyo Centre, isa sa mga pangarap ni Winston Singun na makitang mas bumubuti ang kapasidad ng mga MSME na palaguin ang kanilang mga negosyo. Dahil sa mga kursong pang-onilne ng Akademya na may sariling bilis at nakadisenyo para sa mga SME, nakikita ni Winston Singun ang Akademya bilang mabisang paraan upang makamit ang layunin na ito.

Upang mas lalong maisulong ang pagpasok at paggamit sa Akademya, tumulong si Winston Singun na mag-organisa ng mga pagsasanay para sa mga tagapagsanay ng mga Negosyo Centre Coordinators at Municipal Trade and Industry Officers mula sa DTI Region 2.

Ang isinagawang training noong February 2017 na dinaluhan ng 52 mga business counsellor at mga SME



trainer na kumakatawan sa limang lalawigan ng Cagayan Valley Region. Sa loob ng dalawang araw, sila ay nagsama-sama upang ibahagi ang kanilang mga karanasan sa mga pagsubok bilang pagsuporta sa mgs SME at matutunan kung paano gamitin ang Akademya.

Upang mas mapalawak ang epekto ng pagsasanay, nakatuon ang mga kalahok sa pagbibigay sa kani-kaniyang network ng mga MSME.  Sa lahat ng kurso, nakita ng mga kalahok ang Aspiring Entrepreneurs' Course na bahagi ng mga gamit mula Community Based Enterprise Development sa Akademya na paki-pakinabang.

Para kay Winston Singun, naaayon ang kursong ito para sa mga negosyo at mga negosyante sa mga grassroot na sector. Bukod pa dito, inirerekomenda niya and pagsasanay para sa mga 'Maliliit na Negosyante' sa mga nakapagsimula na ng kanilang mga negosyo ngunit nahihirapan.





## Genoveva G. Ancheta (Eva)

Senior Trade and Industry Development Specialist
Philippine Trade Training Centre (PTTC)

**Philippines**

*"Dahil sa aming bagong gawang incubation facility para sa mga nagsisimula ng negosyo, sa tingin ko ay kaya ng Akademya na punuin ang aming center nang mas maraming kakayahan at impormasyon upang matulungan ang mga MSME na ipatupad o palaguin ang kanilang mga negosyo."*

Si Eva ay may maraming taon nang karanasan sa mga SME sa Pilipinas. Dahil siya ay nagtatrabaho sa PTTC, siya ay tumutulong sa mga negosyante upang palaguin at palawigin pa ang kanilang mga negosyo sa pamamagitan ng pagkuha ng mga pagsasanay, mga serbisyong pang-business development, mga trade event, at mga conference ng PTTC.

Dahil sa mabilis na takbo ng internet at pagbabago ng teknolohiya. Nakatuon si Eva sa pagpapabuti ng kakayahan ng  mga SME na gumamit ng e-commerce. Para kay Eva, ang mga kurso para sa pagsasanay ng Akademya na nakatuon sa e-commerce ay perpektong bahagi ng kabuan ng kanyang pagsasanay.






Noong Disyembre 2016, nagsagawa ang PTTC ng pagsasanay para sa mga tagapagsanay na nakatuon sa kung paano mabibigyan ng kapangyarihan ang mga kababaihan na gumamit ng e-commerce nang epektibo.  Ang e-commerce ay nagbibigay ng mahahalagang benepisyo sa mga kababaihan dahil sa ito ay mas mura at nagbibigay pagkakataon sa mga kababaihan na maging flexible sa kanilang oras kumpara sa mga tradisyunal na negosyo.

Sa kurso, 15 mga kababaihan ang nagsanay sa mga mahahalagang bagay tungkol sa e-commerce upang maging online ang kanilang negosyo. Kabilang sa kurso ang hands-on na workshop mula sa isang gumagamit ng e-commerce na nagturo ng paggamit ng Facebook fan page at Google bilang madaling paraan para sa mga MSME na simulan ang kanilang online na presensya. Kinabukasan, ay sinuri ng mga kalahok ang mga module sa Selling Online, Social Media Marketing, at Strengthening Global Presence Through Online Marketing. Pagkatapos ay nagkaroon ng pagkakataon na pag-usapan ang mga pagsubok sa pagsisimula ng negosyo kasama ang mga gumamagamit ng e-commerce.

Sa kabuan, sinakop ng kurso ang mga isyu patungkol sa mahahalagang bagay sa e-commerce at digital marketing para sa mga SME, habang nagbibigay din sa mga nagsanay ng mahahahalagang kakayahan upang makinabang sa e-learning. Bilang follow-up, nagpapatuloy ang PTTC sa pag-uugnay sa mga nagsasanay at mga institusyon na makapagbibigay sa kanila ng mga karagdagang suporta, katulad ng computer at pondo.



## Socheata Touch

Managing Director for InspiredIn and Vice Chair of Capacity Building Committee for Cambodian Women Entrepreneurs Association (CWEA)

**Cambodia**

*"Malakas ang paniniwala ko na ang Akademya ay nagbibigay ng mga benepisyo sa mga negosyante. Kaya ng Akademya na palawigin ang kanilang kaalaman at kakayahan sa kung paano mapapalakas ang kanilang negosyo at matulungan sila na bumuo ng network sa iba't ibang sector at mga bansa sa rehiyon."*

Ang Cambodian Women Entrepreneurs Association (CWEA) ay inisyatibo ng Minister of Women's Affairs sa Cambodia, na may misyon na hikayatin at suportahan ang paglago ng mga negosyong pinapatakbo ng mga kababaihan sa bansa. Upang matulungan ang mga kababaihan na simulan at palawigin pa ang kanilang mga negosyo ay pinalahok ng CWEA si Socheta sa Pagsasanay ng mga Tagapagsanay ng SME Academy.  Ito ay naging daan upang magamit niya ang mga kurso sa Akademya bilang bahagi ng pagsasanay ng CWEA para sa mga kababaihang negosyante.

Simula nang siya ay sumailalim sa pagsasanay noong 2016, naibahagi na ni Socheata ang kanyang kaalaman sa tatlong iba't ibang grupo, 20 miyembro ng CWEA sa Phnom Penh, 25 kababaihang negosyante sa Siem Reap, at 15 mga mag-aaral sa unibersidad na





kumukuha ng kursong business administration sa Phnom Penh. Karamihan sa mga kalahaok na ito ay mga kababaihang microentrepreneurs sa mga industriyang naghahatid ng serbisyo. Ang kanyang paboritong kurso ay ang Social Media Marketing dahil sa pamamagitan nito ay nai-aaplay nila ang kanilang mga natututunan sa pang-araw-araw na operasyon ng negosyo.

Bukod pa sa pagpresenta ng mga module ng pagsasanay mula sa Akademya, nagsasagawa din si Socheata ng mga palitan ng kuru-kuro at diskusyon sa kanyang mga pagsasanay na kanyang ibinibigay. Hinihikayat niya ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga karanasan at mga pagsubok na hinaharap bilang mga negosyante upang matuto sila sa bawat isa. Ginagabayan niya ang mga naturang diskusyon gamit ang kanyang mga kakayahan at kaalaman bilang business consultant at tagapagsanay.

Para kay Socheata, ang Akademya ay mabisang paraan upang mas mapalawig ang kapasidad ng mga MSME, na nabuo mula sa mga naging diskusyon ng mga kalahok. Halimbawa, isang babaeng negosyante mula sa Siem Reap ang nagsabi kay Socheata na gumagamit siya ng Facebook matapos ang pagsasanay para mapalakas ang kanyang kita.



## Sharon C. Soriano

President of Pavvurulunan OFW Association

**Philippines**

*"Ang pagsasanay ay kapaki-pakinabang. Nais ko pang kumuha ng maraming kurso dahil makakatulong ito para mapatakbo ko ang aking negosyo."*

Si Sharon ay isa sa mga kalahok sa pagsasanay na ginawa ng Department of Trade and Industry (DTI), Cagayan Provincial Office, Region 2. Ang pagsasanay ay sumentro sa kurso tungkol sa mga nagnanais maging negosyante, kung saan nakatuon ito sa pagpapalawig ng mga mahahalagang kakayahan ng mga ito na palaguin ang kanilang mga negosyo, tulad ng pagbalik-tanaw sa mga mahahalagang prinsipyo ng negosyo para sa produkto, lugar, promosyon at presyo, pagsusuri ng mga business idea, at pagbuo ng mga stratehiyang pangnegosyo.

Kasama ang 50 mga dating overseas worker, natutunan ni Sharon kung paano magsimula ng meat processing at bakery na negosyo. Natutunan nila ang bawat hakbang sa pagsisimula ng negosyo, pagpapalago nito at pagpropromote ng kanilang mga produkto. Dahil sa dapat ay hands-on siya sa pagsasanay, ay madali niyang natutunan ang kurso at kung paano simulan ang kanyang negosyo.

Matapos ang pagsasanay, nakatanggap si Sharon at ang kanyang mga kasamahan ng 10,000 Piso mula sa isang grant program para makatulong sa mga nagbabalik-bayan na mga overseas workers na nais mag-negosyo. Tinulungan sila ng DTI at ng Negosyo Centre na makuha ang grant sa pamamagitan ng paggawa ng proposal at pagtulong sa bawat proseso. Ginamit ni Sharon ang grant bilang inisyal na capital para simulan ang kanyang meat processing na negosyo.



## Jesusa M. Abear (Jesse)

Senior Trade-Industry
Development Specialist
DTI-Region 10, Northern Mindanao
Provincial Office

**Philippines**

*“Binibigyan ng Akademya ang isang negosyante ng pagkakataon na matuto ng mag-isa at ayon sa kaniyang sariling bilis. Ito ay magbibigay sa kanila ng flexibility na ayusin ang kanilang oras para mag-aral at patakbuhin ang negosyo.”*

Bilang provincial coordinator para sa Negosyo Centre, laging naghahanap si Jesse ng mga instrumento at paraan para mapalawig pa ang kapasidad ng MSME sa kanyang rehiyon. Ilan sa mga serbisyo na kaniyang ibinibigay ay ang mga sumusunod: impormasyong pangnegosyo, pagtulong sa pagrehistro at mga isyung pang-administrasyon. Bukod dito, siya ay nagsasagawa ng mga pagsasanay at seminar na pangnegosyo.

Para kay Jesse, malaking tulong ang Akademya sa pagbibigay ng suporta sa mga MSME. Noong Marso 2017, sinanay ni Jess ang 15 mga negosyante na may iba’t ibang klase ng negosyo mula sa pagbibigay serbisyo at food industries. Ito ay upang makakuha sila ng mga kurso sa Akademya.

Ang e-commerce ang isa sa kanyang paborito dahil dito ay mas mapapadali para sa mga kalahok na gamitin ang social media para ipromote ang kanilang mga produkto. Habang nagsasanay, hinikayat ni Jesse ang mga kalahok na gamitin ang natutunan nila sa kurso sa pamamagitan ng pagbebenta ng kanilang produkto sa Facebook dahil ito ay libre at maraming kapaki-pakinabang na aspeto. Isang hamon para sa kanya ang mahinang internet connection na maaring makasagabal sa kaniyang pagsasanay.





## Ly Huy

Director of SARW Construction
and Interior Design and National
Director of One-2-One Cambodia

**Cambodia**

*“Ako ay natutuwa na maari naming hanapin ang paksa sa Akademya, upang makapili kami ng pag-aaralan na mga naaayong kurso.”*

Mula nang siya ay sanayin sa pagpasok at paggamit ng Akademya noong Nobyembre 2016, lagi nang ibinabahagi ni Ly Huy ang kanyang kaalaman sa kanyang network. Siya ang lider ng SARW, isang construction company, at chairperson din ng One-2-One, isang charity na tumutulong sa mga maralitang mga kabataang mag-aaral sa Cambodia na gustong mag-aral sa unibersidad.

Si Ly Huy ay nananabik sa mga katangian ng Akademya na nagbibigay daan para mahanap niya ang mga paksa para mapalawig ang kanyang negosyo ayon sa kanyang pangangailangan. Sa pamamagitan nito, maaari niyang makuha ang mga partikular na kurso at pag-aralan ito ayon sa kanyang bilis.

Si Ly Huy ay na niniwala na ang mga kurso ng Akademya ay makakatulong sa mga mag-aaral ng One-2-One na maghanda para magsimula ng mga maliliit na negosyo na nagbibigay serbisyo tulad ng public dental at medical care kapag sila ay nagtapos na. Dahil dito ay sinanay niya ang 20 mga mag-aaral para gamitin ang Akademya.

Bilang director ng SARW, isang construction at interior design na negosyo, hinikayat niya ang kaniyang mga manager na mag-online at humanap ng mga kurso sa marketing, business planning, at mga pakinabang ng social media.

Matapos kumuha ng kursong Boost Your Business with Facebook, ang kanyang grupo ay kasalukuyang nagpapatakbo ng social media marketing nang mas epektibo sa pamamagitan ng paggamit Facebook upang palawakin ang kanilang target na merkado.

Bukod pa dito, ang Human Resources Department ng kanyang kompanya ay humihikayat sa kanilang mga staff na kumuha ng mga online na kurso upang patuloy na palawigin ang kanilang kakayahan. Kailan lang ay pinayuhan ang kanilang mga staff na kumuha ng mga kurso mula sa Akademya tungkol sa Inventory Management at Cash Flow.

# Suportado ng **mga Dalubhasang Tagapagsanay**



Ang Akademya ay suportado ng isang grupo ng mga dalubhasang tagapagsanay na handang tulungan kang kumpletuhin ang mga kurso.

Ang aming mga dalubhasang mga tagapagsanay ay makatutulong sa iyo na gamitin ang Akademya ng lubusan. Hinihikayat namin ang aming tagapagsanay na alamin ang plataporma, at unawain ang mga benepisyo ng lahat ng katangian ng Akademya. Ang aming mga tagapagsanay ay may-ugnayan sa pamamagitan ng Brain Trust Network upang makapagbahagi at makipagpalitan ng kanilang kaalaman at karanasan sa operational level. Kung ikaw ay nahihirapang pasukin ang Akademya o kung nais mong magsanay ng isang grupo ng mga SME sa paggamit ng Akademya, maaari kang humiling ng suporta mula sa aming mga tagapagsanay.

# The Philippine ASEAN SME Academy Brain Trust

## CAGAYAN, CAGAYAN CITY



### Winston T. Singun

winstonsingun@dti.gov.ph
0917 5855065

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- IT for Business Success
- Social Media Marketing
- Strategic Planning

## NUEVA ECIJA, CABANATUAN CITY

### Allan A. Cañaveral

allancnvrl@yahoo.com
0947 313 6356

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Inventory Management
- IT for Business Success
- Computer Security and Fraud



## LAGUNA, CALAMBA CITY



### Teresita F. Tawingan

TeresitaTawingan@dti.gov.ph
Mobile: 0928 182 7756

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Unique Value Proposition
- Effective Presentation
- Finding Funding

## ORIENTAL MINDORO, CALAPAN CITY



### Sheena D. Baculo

sheena_baculo@yahoo.com
Mobile: 0998 564 609

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Marketing Benefits vs Features
- Social Entrepreneurship
- Effective Leadership

## CAMARINES SUR, NAGA CITY

### Maria Theresa A. Arbo

MaElenaArbon@dti.gov.ph
Mobile: 0917 6209512

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Social Entrepreneurship
- Social Media Marketing
- Tools for Entrepreneurship and Innovations



## CEBU, CEBU CITY



### Maria Elena C. Arbon

Theresa.arbo@dti.gov.ph
Mobile: 0917 6209 512

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Selling Online
- Energy Efficiency: Do More for Less
- Tool for Business Plan Development

## NORTHERN MINDANAO, CAGAYAN DE ORO CITY



### Jesusa M. Abear

JesusaAbear@dti.gov.ph
Mobile: 0963 220848

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Cash Flow
- Selling Online
- Effective Business Websites

## DAVAO, DAVAO CITY

### Arriel N. Nengasca

ArrielNengasca@dti.gov.ph
Mobile: 0939 8242 013

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Legal Aspects of Cross Border Ecommerce
- Minimizing the Risk of Fraud
- Strategic Planning



## SOCCSKSARGEN REGION, GENERAL SANTOS CITY



### Marvin V. Genita

MarvinGenita@dti.gov.ph
Mobile: 0925 3877 101

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Your Target Audience
- Effective Presentations
- Strategic Planning

## MANILA, PASAY CITY



### Genoveva G. Ancheta

evagancheta@gmail.com
Mobile: 0905 310 7339

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Social Media Marketing
- Legal Aspects of Cross Border E-commerce
- Presenting Data
- Hiring Staff

### Gerrald David

giehgieh@gmail.com
Mobile: 0916 2020 416

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Cash Flow
- Presenting Data
- Business Email
- Unique Value Proposition





### Rolan Ynion

rolanynion@yahoo.com
Mobile: 0916 4904422

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Effective Business Website
- Computer Basics

## MANILA, PASAY CITY



### Theresa Gigi Digal

gigi.digal@philexport.ph
Mobile: 0918 9135642

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Marketing Benefits vs Features
- Finding Funding

### Diana De Villa Masaluñga

dianne.masalunga@philexport.ph
Mobile: 0917 7045 379

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Business Email
- Presenting Data
- Minimizing the Risk of Fraud
- Strengthening Global Presence through Online Marketing



## MANILA, MAKATI CITY



### Dahlia J. Nunez

dahlianunez@dti.gov.ph
Mobile: 0917 542 5319

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Presenting Data
- Social Media Marketing
- Effective Business Website
- Social Entrepreneurship

### Rudolph Jay. D. Velasco

rudolphJayVelasco@dti.gov.ph
Mobile: 0917334 5956

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Unique Value Proposition
- Legal Aspects of Cross Border Ecommerce
- IT for Business Success
- Getting the Most Value from Card Acceptance
- Setting Prices





### Patricia G. Blacer

RominaPatriciaBlacer@dti.gov.ph
Mobile: 0927 2303797

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Sales Forecasting
- Connecting Global Commerce
- Cash Flow

## MANILA, MAKATI CITY



### Martha Sasing

martha.sasing@eon.com.ph
Mobile: 0917 557 6816

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Customer Relationship Management
- Marketing Benefits Vs Features
- Hiring Staff

### Nadia T. Valdez

evfi.entrepinoy@yahoo.com
Mobile: 0915 931 9261

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Getting the Most Value of Card Acceptance
- Managing Contact Information
- Unique Value Proposition





### Edwin C. Pasahol

EdwinPasahol@dti.gov.ph
Mobile: 099 9991 3910

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Effective Business Website
- Social Entrepreneurship
- Inventory Management

## MANILA, MAKATI CITY



### Teresita A. Go

TeresitaAGo@dti.gov.ph
Mobile: 0922 6846 140

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Effective Leadership
- Strengthening Global Presence through Online Marketing
- Sales Forecasting

## MANILA, PASIG CITY

### Jake L. Santos

pfa@pfa.org.ph
Mobile: 0917 835 4478

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Hiring Staff
- Sales Forecasting
- Profit & Loss
- Maximizing Capacity





### Charito Estrada

exec.dir@pfa.org.ph
Mobile: 09088886901

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Hiring Staff
- Setting Prices
- Legal Aspects of Cross Border E-Commerce

## MANILA, PASIG CITY



### Orlando Ballesteros

orlyballesteros
@exlinkevents.com
Mobile: 0920 9814376

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Strategic Marketing
- Social Media Marketing
- Your Target Audience

## MANILA, QUEZON CITY

### Glennis S. Uyanguren

gsuyanguren@up.edu.ph
Mobile: 0923 6563 466

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Strengthening Global Presence through Online Marketing
- Profit and Loss
- Effective Presentations





### Marsha Lee A. Delfinado

madelfinado@up.edu.ph
Mobile: 0927 1359355

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Cash Flow
- Selling Online
- Effective Business Websites

## MANILA, PARANAQUE CITY



### Pete C. Dumna, Jr.

suntzupcd@yahoo.com
Mobile: 0920 945 6910

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Basics of Finance
- Effective Leadership
- Strategic Planning

## MANILA, TAGUING CITY

### Romelen T. Tresvalles

roms.tresvalles@gmail.com
Mobile: 0917 5141436

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Profit & Loss
- Maximizing Capacity
- Energy Efficiency: Do More for Less



## MANILA, ANTIPOLO CITY



### Marc Tristanicko Dino

mtdino@promesso.com.ph
Mobile: 0922 869 4496

**Mga Kursong napag-aralan na:**
- Unique Value Proposition
- Business Email



ASEAN SME Academy

www.asean-sme-academy.org

The ASEAN SME Academy is a multi-stakeholder effort under the US-ASEAN Business Alliance for Competitive SMEs, a collaboration among USAID, the US-ASEAN Business Council and ASEAN, and ASEAN's support is through the ASEAN Coordinating Committee on Micro, Small and Medium Enterprises.